Jeanette Guerrero
Pagsasanay sa mga bagong miyembro

Kapana-panabik ang pagbili ng iyong unang snowboard, at sa totoo lang, maaari rinitongmaging medyo nakakalito. Ang magandang balita ay walang iisang snowboard namaituturing na“pinakamahusay” o “pinakamasama.” Nagkakaiba ang mga snowboardlalo na sa kanilang profile o hugiskapag inilapag sa patag na ibabaw. Ang bawat profileay angkop sa iba't ibang uri ng lupain at antas ngkakayahan ng rider. May tatlongpangunahing uri ng snowboard: camber, rocker, at flat, pati na rin ang mgahybrid napinagsasama ang tatlong pangunahing uri na ito. Ang tradisyonal na profile ay tinatawag na**Camber**. Ang Camber ay isang snowboardna nakaarko pataas sa gitnang bahagi nito, kaya mas madiinang kapit nito sa niyebehabang sumasakay. Nagbibigay ito sa rider ng tumpak na pagkontrol sa mga gilidngboard, matatag na balanse sa matataas na bilis, at malakas na pagtalbog o *pop* kapaglumalabas sa mgaliko. Pinakamainam ang Camber para sa mga bihasang rider, ngunithindi ito gaanong mapagpatawad sa mgapagkakamali. Madali kang mawalan ng balansekapag sumabit ang gilid ng board sa niyebe, lalo na kunghindi pa nahahasa ang iyongteknik. Kung gusto mong mabilis na bumaba sa mga inihandang dalisdis,magandangopsyon ang Camber habang pinauunlad mo ang iyong kakayahan. Ang **Rocker**, na kilala rinbilang *reverse camber*, ay kurbadong pabaligtad, nakahawig ng hugis ng saging. Mas maluwag at masmasaya itong gamitin, mahusay itonglumutang sa malalim at malambot na niyebe (*powder*), at masmahirap sumabit anggilid nito sa niyebe. Magandang opsyon ang board na ito para sa mga baguhan atsamga rider na mahilig sa mga snow park. Ang **Flat**, na kilala rin bilang *zero camber*, ay pantay angpagkakalatag sa pagitanng mga binding. Nagbibigay ito ng makinis, madaling hulaan, at madalingkontrolingbiyahe. Nag-aalok ito ng mahusay na katatagan nang hindi gaanong madaling sumabitang mgagilid nito, gaya ng maaaring mangyari sa Camber. Ang mga **Hybrid** ay pinaghalong tatlong hugis na ito,kaya nakukuha mo angkaunting katangian ng bawat isa. Para sa unang snowboard, madalas napinakamainamang hybrid na may kaunting rocker dahil mas mapagpatawad ito sa mga pagkakamalihabangnag-aaral ka, ngunit nagbibigay pa rin ito ng pagkakataong umunlad at matutong mas mahihirap na teknik.Kapag nagsisimula pa lamang matutong mag-snowboard, mas inirerekomendanggumamit ng Hybrid dahilmas madali itong kontrolin at nagbibigay ito sa iyo ngkalayaang lumipat sa ibang uri ng board habangumuunlad ang iyong kakayahan. Kungnaghahanap ka naman ng mas malaking hamon habang nagkakaroonka ng karanasan,maaaring ang Camber ang pinakamainam para sa iyo. Maaari mo ring subukan angRockerkung balak mong sumakay sa mga snow park o kung nagsisimula ka pa lamangmatutong mag-snowboard.